FREQUENTLY ASKED QUESTIONS:

Ano ang Sensus?

Article I, Section 2 ng Saligang Batas, bawat 10 taon, tinatakda ang Census Bureau na bilangin ang bawat taong naninirahan sa Estados Unidos, anuman ang pagkamamamayan (citizenship) o estado. Ang susunod na pagbibilang ay ika-1 ng April, 2010, Census Day.

Sino ang tatanggap ng Census 2010 form?

Bawat sambahayan ay tatangap ng Census 2010 form. Iyong walang natanggap ay maaring humingi na isang form sa mga Be Counted Sites na naka-kalat at naka-talaga sa mg komunidad. Tingnan dito ang listahan ng pinakamalapit sa inyo.

Ano ang itatanong ng 2010 Census sa akin?

Ang 2010 Census form ay may 10 madaling katanungan na masasagot sa loob ng 10 minuto. Kasama sa mga tanong ay: *pangalan, kasarian, edad at lugar ng kapanganakan, pinagmulang lahi, lahing Hispanic.* Ano ang relasyon ng mga nakatira sa iyong sambahayan at kung ang tirahan ay nirerenta o sariling pag-aari. Wala at hindi itatanong sa form kung ano ang iyong immigration status.

Saan ako magpapabilang? Sino ang kasama sa aking bilang?

Kabilang ka kung saan ka nakatira at madalas na matulog. Tiyakin na mabilang ang lahat ng nakatira sa iyong sambahayan, anuman ang kaugnayan, relasyon o estado. Tiyakin na iyong mga kabataang nasa kolehiyo at di nakatira sa pamahayan ay magpapabilang sa kolehiyong pinapasukan.

[Kung sa summer ikaw ay nakatira sa isang estado at sa winter ay sa iba namang estado, dapat kang magpabilang doon sa estado na kung saan ka nakarehistrong bumoto.]

Paano sasagutin ng mga Asyanong Amerikano, Katutubong Hawayano, at taga-islang Pasipiko ang tanong ukol sa lahi?

Dapat markahan ng taong sumasagot ng form ang kwadrado sa tabi ng lahing kumakatawan sa kaniya. May iba't ibang kwadrado na nakalaan sa ilang Asyano at taga-islang Pasipiko, tulad ng: Asyanong Indian, Intsik, Pilipino, Hapones, Koreyano, Vietnamese, Katutubong Hawayano, Guamanian o Chamorro at Samoan. Kung iba ang grupo o lahing kumakatawan sa iyo, markahan ang kwadrado "Ibang Asyano" o "Ibang taga-isla Pasipiko" at isulat ang iyong lahi. Halimbawa, kung ikaw ay Thai, markahan ang kwadradong "Ibang Asyano" at isulat ang "Thai" sa inilaang patlang sa form.

Pagturan ng Lahi ng Census Bureau

Ang pagturan ng Census Bureau ng "Asyano" ay iyong mga tao na ang pinagmulang lahi ay Dulong Silangan (Far East), Timog Silangan (Southeast Asian) o Indian subcontinent kasama halimbawa ang: Cambodia, Tsina, India, Hapon, Korea, Malaysia, Pilipinas, Thailand, at Vietnam.

Ang pagturan ng Census Bureau ng "Katutubong Hawayano" at "Taga-islang Pasipiko" ay iyong mga tao na ang pinagmulang lahi ay Hawaii, Guam, Samoa, o ibang Islang Pasipiko. Kasama iyong mga tao na ang lahi ay Katutubong Hawayano, Guamanian o Chamorro at Samoan.

Maari ko bang sabihin na ako ay samot-lahi?

Maari mong markahan ang higit sa isang uri o pangkat na tutugon sa iyong lahi. Halimbawa, kung ang tao ay may magulang na "puti" at Bangladeshi maaring markahan ang dalawang kwadrado na nagsasaad ng: Puti at Ibang Asyano, at isulat ang "Bangladeshi" sa patlang.

Paano iyong mga tao na ang pagtukoy sa sarili ay bilang Sikh, Muslim o ibang relihiyon at hindi ang pinanggalingang lahi. Maari bang itala ang pangkat ng kinasasapiang relihiyong?

Bagaman at ang kinasasapiang relihiyon ay bahagi ng pagkakakilanlan, walang tanong sa Census 2010 o ibang pagsisiyasat na nakatuon sa paglikom ng impormasyon tungkol sa relihiyon. Ang U.S. Census Bureau ay pinagbabawalan ng batas na magtanong tungkol sa kasapiang pang-relihiyon. Dahil ang paglahok sa 2010 Census ay kautusan, ang Census 2010 form ay walang katanungan tungkol sa kasapiang pang-relihiyon. Sa gayon, ang kasapiang pang-relihiyon ay hindi nararapat ipaalam sa 2010 Census. Kapag ang isinagot sa tanong ay kasapiang pang-relihiyon imbes na pinanggalingang lahi, papalitan ng Census Bureau ito at pipili sa listahan ng pangkat. Mas mabuti kung ikaw ang magsulat ng tamang sagot para hindi na hulaan ng Census Bureau ang iyon lahi. Nagpahayag ang Census Bureau na hindi ito nagtatala o gumagamit ng mga anumang kasagutan na nakatuon sa relihiyon.

May tulong ba sa mga Asyanong Amerikano, Katutubong Hawayano, at mga Taga-isla Pasipika na hindi matatas ang Ingles?

Mayroon mga forms na isinalin sa simpleng wikang Intsik, Koreyano at Vietnamese. Sa mga nangangailan ng tulong ng pagkumpleto ng form, mayroon ding karagdagang gabay wika na naka-tuon sa 28 wikang Asyano at Isla Pasipika na makakatulong sa pagkumpleto ng mga forms. Puntahan ang aming website kung kailangan ng tulong – www.fillinourfuture.org

Nakatanggap ako ng American Community Survey (ACS) galing sa Census Bureau? Ito ba ay kapareho ng Census 2010?

Hindi, ito ay ibang survey o pagsisiyasat. Ang ACS ay isang pagsisiyasat na isinasagawa ng U.S. Bureau of Census bawat buwan. Ito ay nagbibigay ng kritikal na impormasyon sa komunidad tungkol sa ekonomiya, sosyal, demograpiko at pabahay. Tinuturan din ng ACS ang mga pagbabago sa populasyon ng isang lugar at nagbibigay ito ng mga bagong datos ng bilang bawat taon. Atas ng batas ang pagsagot at pagkumpleto sa ACS kapag ito ay natanggap.

Sino ang nakakatanggap ng ACS?

Bawat buwan, ang Census Bureau ay nagpapadala ng ACS survey o pagsisiyasat sa mga pamahayan. Sa anumang panahon at oras matatanggap ang ACS. Kapag natanggap ang ACS, hindi na ito matatanggap uli sa tirahan na iyon sa loob ng limang taon.

Ano kung matanggap kong pareho ang ACS at ang Census 2010, kailangan ko pa bang sagutin ang ACS?

Oo. Bawat sambahayan ay makakatanggap ng 2010 Census survey. Subalit may ilang sambahayan ang makakatanggap din ng ACS survey. Samakatwid, kapag natanggap ang dalawang survey na ito, kailangang sagutin itong pareho. Ang survey o pagsisiyasat na ito ay mahalaga dahil nagsisilbi itong panuntunan na iyong komunidad sa pagsisiguro na ito ay may kinatawang politikal at sapat na pondo galing sa pamahalaan.

Ang iyong impormasyon ay kompidensyal!

Ayon sa batas, lahat ng sagot na ibinigay sa Census ay kompidensyal. Ang iyong mga kasagutan at impormasyon ay hindi maaring ibahagi kaninuman o sa mga ahensya ng pamahalaan tulad ng Department of Homeland Security (DHS) o Internal Revenue Service (IRS). Bawat tao na may permisong tumingin sa iyong personal na datos ay may sumpang pangalagaan ito. Ang paglabag sa batas na ito ay itinuturing na krimeng pederal at ang parusa ay malubha, kasama na dito pagka-bilanggo sa bilangguan pederal hanggang 5 taon, multa na $250,000, o pareho.